

COMPLETE CELL GROUP PLAN



(Cell Group Name)

(Location)

(Meeting Day / Time)

(Classification / Date Started)

(Cell Group Leader)

(Intern)

(Host)

OIKOS

Bringing the Church to Every Home

PRINCIPLES

Matthew 28:19-20; Matthew 22: 36-40; Acts 2:42-47

VISION

Fulfilling the Great Commission and Following the Great Commandment.

MISSION

To GO unto the lost world, TEACH them Christ crucified, buried and rose again, to be born again by BAPTIZING them unto Christ, and to let them LOVE THE LORD by LOVING THEIR NEIGHBOR.

CORE VALUES

Loving God. Loving the People. Living Holy

Note: *This material is NOT FOR SALE and for ANOCC Int'l Oikos Cell Groups consumption only. Ang mga nilalaman ng booklet na ito ay halos lahat ay hinango mula sa Apostolic Faith Church at kay Pastor Arlan B. Laroya. Ang ANOC Int'l ay hindi inaangkin ang credits ng paggawa ng basahing ito, kundi hiram lang ang ideya mula sa may akda.*

INTRODUCTION 05

FETAL STAGE

Attendance 07
Fetal Stage Characteristics 08
Week 1 Ang Biyayang Kaligtasan 11
Week 2 Ang Katotohanan Tungkol sa Kaligtasan 12
Week 3 Kahalagahan ng Kapanganakang Muli 13
Week 4 Ang Plano ng Dios 15
Week 5 Ang Kaligtasan 16
Week 6 Total Surrender..... 18
Week 7 Born Again..... 20
Week 8 Pagbuhos ng Banal na Espiritu 22

INFANCY STAGE

Attendance 25
Infancy Stage Characteristics 26
Week 1 Tagumpay Laban sa Tukso 28
Week 2 Pagbabasa ng Biblia 29
Week 3 Babala: Mag-ingat sa Maling Aral 30
Week 4 Ang Pagpapatuloy sa Tamang Katuruan 32
Week 5 Ang Kahalagahan ng Pananalangin..... 33
Week 6 Pananalangin..... 34
Week 7 Ang Pananalangin na Kinalulugdan ng Dios..... 36
Week 8 Pag-aayuno 38

LITTLE CHILDREN STAGE

Attendance 41
Little Children Stage Characteristics 42
Week 1 Bagong Nilalang Kay Cristo 44
Week 2 Ang Tamang Asal sa Pagbibigay 45
Week 3 Shunamite Blessings 46
Week 4 Sino si Jesus-Cristo? 48
Week 5 Si Jesus at ang Ama ay iisa 50
Week 6 Kapahayagan ng Kapangyarihan ng Dios..... 51
Week 7 Ang kakulangan ng mga Tagapag-ani 52
Week 8 Ang Muling Pagbabalik ng Panginoon 54

YOUNG MEN STAGE

Attendance 57
Young Men Stage Characteristics 58
Week 1 Ang Mga Responsibilidad ng Cristiano 60
Week 2 Worry-Free Life..... 61
Week 3 Sabbath 63

| | |
|--|-----------|
| Week 4 Praise and Worship | 64 |
| Week 5 Katanggap-Tanggap na Pagsamba | 65 |
| Week 6 Bagong Buhay | 67 |
| Week 7 Ang Pangako ng Diyos | 68 |
| Week 8 Parable of the Lost Sheep | 69 |
| FATHER STAGE | |
| Attendance | 73 |
| Father Stage Characteristics | 74 |
| Week 1 Ang Tagumpay na Paglalakbay | 76 |
| Week 2 Ang Katawan ni Cristo..... | 77 |
| Week 3 Panganib ng Pangangalakal ng Ministeryo..... | 78 |
| Week 4 Ang Tatak ng Tunay na Tagapagturo | 79 |
| Week 5 Ang Kahalagahan ng Pagkakaisa | 80 |
| Week 6 Ang Puso ng Ating Mission | 81 |
| Week 7 Ang Katangian ng Cristianong Lumalago | 83 |
| Week 8 Ang Pagtawag ng Pastor at Mga Tapaglingkod..... | 83 |
| EVALUATION..... | 86 |
| APPENDIX..... | 87 |
| THE PROCESS | 89 |
| REFERENCES | 90 |


1Jn 2:12-14 ¹² I write unto you, **little children**, because your sins are forgiven you for his name's sake. ¹³ I write unto you, **fathers**, because ye have known him *that is* from the beginning. I write unto you, **young men**, because ye have overcome the wicked one. I write unto you, **little children**, because ye have known the Father. ¹⁴ I have written unto you, **fathers**, because ye have known him *that is* from the beginning. I have written unto you, young men, because ye are strong, and the word of God abideth in you, and ye have overcome the wicked one.

INTRODUCTION

Oikos is a Greek word that is often translated "household" in the New Testament. In English, "household" means the nuclear family. In Greek, however, its usage was much broader and included family, neighbors, co-workers and friends and those with whom we come into regular contact.

Today it is called many things by the pastors and churches who are seeking to intentionalize this principle. It is your 5-12, your extended family, your fishing pool, your world, and sometimes simply by the Biblical world your OIKOS.

The concept of Oikos cell can be summarized through this framework:




In handling Oikos cell group, each group has different needs therefore we designed different cell group materials to address the said need. We have Life Recovery Series for those who are handling drug dependents, drunkards and other victims of substance abuse. We also have Topical Tagalog Series for the group who wants to pursue non-threatening topics about life in Tagalog dialect. We also have Kingdom Series, which is written in Cebuano to address the need of our Cebuano brethren and many more series. BUT this latest series

of lessons is designed to address the general need of the church for cell-planting and outreach program.

This Complete set of materials will complete the 7 to 9 months of reproduction process. It is expected that during this time a new cell will be born, MULTIPLICATION must occur before these materials finished.

The spiritual maturity of every individual is dependent on the nourishment we gave to a new convert. BUT nourishment does not start when the person is born again but even during the conception period. The same concept also applies in the reproduction of new cell. It is a desire that a new soul may complete the one year and a half of Discipleship Level program while cell groups are expected to reproduce during the 7-9 months.



Dedicated to

Rev. Cecil Sullivan

a mentor and friend who placed a passion in my heart for the lost and reaching them through cell group ministry.

FETAL STAGE



| NAME | WEEKS | | | | | | | | B-DAY CONTACT # |
|------|-------|---|---|---|---|---|---|---|--------------------|
| | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | |
| 1 | | | | | | | | | |
| 2 | | | | | | | | | |
| 3 | | | | | | | | | |
| 4 | | | | | | | | | |
| 5 | | | | | | | | | |
| 6 | | | | | | | | | |
| 7 | | | | | | | | | |
| 8 | | | | | | | | | |
| 9 | | | | | | | | | |
| 10 | | | | | | | | | |
| 11 | | | | | | | | | |
| 12 | | | | | | | | | |
| 13 | | | | | | | | | |
| 14 | | | | | | | | | |
| 15 | | | | | | | | | |

FETAL STAGE CHARACTERISTICS

NUMBER OF GATHERINGS (WEEKS)

1st to 8th Meeting

6 to 8 weeks

Members of the cell have a question in their mind, —"Am I included in this group?" The burdens of bringing comfort in the group are the leader, intern and host. If members don't feel that they are welcomed, your attendance will be fluctuating and you can't expect them to stay. Cell should run in one hour only. Start on time and end on time.

OBJECTIVES

To break through the comfort barrier.

LEADER

Cell Leader and Intern

GOAL

Believe. Repent. Water Baptism in Jesus name. Holy Ghost Baptism

5 W's OF AN OIKOS CELL MEETING

WELCOME TIME: (5-15 min)

FOCUS: One another

AIM: Building relationships within the group

The WELCOME TIME is an ice-breaker that gets the group sharing with each other. It needs to be able to be answered by anyone without requiring a lot of trust or intimacy. It should be a simple question that can be answered in one minute or so. The purpose is to build community in the group.

Prepare ice breaking or group dynamics activities to prepare the environment in a friendly manner. This is the —most important part of the cell at this stage. Never be tempted to alter this activity.

WORSHIP TIME: (8-10 min)

FOCUS: Us to God

AIM: To focus our attention as individuals and as a group on the presence of the Lord Jesus .

The WORSHIP TIME is meant to focus the hearts of the group away from themselves and onto God. This is often, but not exclusively done

through singing worship songs. Worship is a chance for us to reflect on who God is and to speak the truth about Him to each other.

WORSHIP TIME can be spent in a wide variety of ways, but keep 2 things in mind: 1. each person must be able to participate 2. the focus must be on the Lord Jesus

Worship – preferably tagalog fast song. MAganda nga mga lyrics ng mga awitin upang ang lahat ay makasabay. Mas mainam din kung may gitara o accompaniment upang mas maging masaya ang kantahan.

WORD TIME: (30-40 mins)

FOCUS: God to us

AIM: Allow God to minister to us as we study his word

The WORD TIME is based on a Biblical passage of the previous week's sermon or particular topic from the booklet provided. The goal is not Bible study or philosophical discussion, but instead a time where group members learn together what the Bible is teaching, as well as open up and share about their personal spiritual journeys.

Week 1 Ang Biyayang Kaligtasan

Week 2 Ang Katotohanan Tungkol sa Kaligtasan

Week 3 Kahalagahan ng Kapanganakang Muli

Week 4 Ang Plano ng Dios

Week 5 Ang Kaligtasan

Week 6 Total Surrender

Week 7 Born Again

Week 8 Pagbuhos ng Banal na Espiritu

Kung nararamdaman mo na ang mga miyembro ay komportable na sa grupo at maari ng hingin ang ka-nilang commitment, maari ka ng mag-move sa susunod na stage. Ngunit kapag taas-baba pa rin ang attendance, ituro ang ibang topic. Ang importante ay makita nila na consistent ang meeting ng cellgroup.

WORKS TIME: (10-15 mins)

FOCUS: God to others—through us

AIM: Allow God to reach and minister to others outside this group through us.

The WORKS TIME is a time focusing on reaching others with the gospel of Christ. This includes a time of prayer with an expectation that God is going to use us to reach our community for him. Along with a time of prayer, the group can spend together time creating strategies to reach those who do not know Christ, taking responsibility for one

another's friends and family members (e.g., social and special outreach events). This time is essential to the dynamics of the group, making growth and multiplication the normal expectation.

Get all the needed information for your members (name, contact number, birthday, etc.). Ask for prayer requests and pray with your intern.

CROSS CONNECTION

Ang cross connection ang pinakamahalagang bahagi ng WORKS. Ito ay tumutukoy sa krus (Jesus) kung ano ang ating pag-tugon sa kanya sa mga Salitang ating narinig. Ito ang ebanghelio na itinatanim natin sa puso ng bawat tagapakinig. Ito ang panahon na anyayahan ang mga bisita para sa “Seven Steps of Salvation” na aralin.

INVOLVEMENT IN CHURCH ACTIVITIES/SERVICE

Inter Cell Fellowship every month

WOW TIME: (10-30 mins)

FOCUS: Serving One another

AIM: This is the fellowship time where every individual will be enjoying the food being served and Discipleship Levels will be worked with.

The WOW TIME is a time that most people are enjoying but this should not be the entire focus of the meeting. It is only part of the whole cell group meeting. Light snacks to heavy meals might be served during the WOW time but is not compulsory for the host to serve an extravagant meal. Other members may also bring food aside from the meal served by the host. Visitors will be entertained during this time and Oikos Cell System (both Leadership and Discipleship) will be introduced to them. In this time Discipleship levels are also given priority so that the members can complete their Discipleship Level goals.

FOOD

Food is encouraged at the start or opening of the cell until four meetings. Exceeding to that is an optional. Usually the host/hostess is the one who prepares the food. If short budget, you may ask your pastor.

WEEK 1 ANG BIYAYANG KALIGTASAN

WELCOME TIME: (5 mins)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa “**Start-up**” o di kaya ay magdownload ng application “Question Box” sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

Startup: Gamitin ang mga tanong mula sa “**Question Box**”.

WORSHIP TIME: (8 mins)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

Song: Kay Buti ng Dios

WORD TIME: (30 mins)-Basahin ang **EPHESIANS 2:1-10**

LAYUNIN: Upang malaman ng mga mag-aaral na ang kaligtasan ay sa pamamagitan lamang ng biyaya ng Diyos. Walang anumang kabutihang mula sa kanya ang kailangan para siya ay maligtas sa tiyak na kapahamakan at matatanggap niya ito sa pamamagitan din lamang ng pananampalataya. Inaasahan na ang kaligtasang ito ay magresulta sa mabubuting gawa.

SAGUTIN:

1. Ano ang dating kalagayan ng mga taong sinulatan ni Pablo?
2. Ano ang dahilan bakit sila nagkaganon at paano sila namumuhay noong mga panahon na iyon?
3. Ano ang damdamin sa kanila ng Diyos noong mga panahon na iyon?
4. Ano ang ginawa ng Diyos sa kabila ng ganitong kalagayan ng mga tao?
5. Paano daw maliligtas ang mga tao sa kanyang masamang kalagayan? (Ipaliwanag ang ibig sabihin ng Kaligtasan, Biyaya ng Diyos at ang Pananampalataya)
6. Ano ang layuning pinili ng Diyos para sa atin noong una pa man?

TALAKAYIN:

1. Naisip mo na ba noon na may mga taong patay na, pero gumagawa pa ng mga gawain ng isang buhay na tao? Naisip mo ba na isa ka rin sa kanila?
2. Anong mga paraan ang pangkaraniwang alam ng mga tao para siya ay maligtas? Pwede ba ang paraan ng tao kung maganda naman? Bakit?

3. Bakit parang mas gusto pa ng tao ang kanyang paraan kaysa sa paraan ng Diyos?
4. Masasabi mo bang ligtas ka na? Anong paraan ang ginawa mo para maligtas ka?
5. Ano ang naidulot ng kaligtasang ito sa iyo maliban sa ikaw ay makakapunta sa langit sakaling kunin ka na ng Diyos?

WORKS TIME: (10 mins)- Magdalanginan sa isa't isa, magplano para sa pag-ebanghelyo at pagpapalano para sa susunod na pagtitipon. Ipakilala ang "Seven steps of Salvation" sa mga bisita

WOW TIME: (10 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

WEEK 2 ANG KATOTOHANAN TUNGKOL SA KALIGTASAN

WELCOME TIME: (5 mins)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa "**Start-up**" o di kaya ay magdownload ng application "Question Box" sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

Startup: Gamitin ang mga tanong mula sa "**Question Box**".

WORSHIP TIME: (8 mins)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

Song: Panginoon, Kay Buti mo.

WORD TIME: (30 mins)-Basahin ang **ROMANS 9:1-3, 10:1-4**

LAYUNIN: Upang malaman ng mga mag-aaral kung paanong ipinahayag ni Pablo ang kahalagahan ng kaligtasan.

SAGUTIN:

1. Ayon kanino ang katotohanang ipinapahayag ni Pablo?
2. Ano ang nadarama ni Pablo habang ipinapahayag niya ang kanyang mensahe?
3. Paano niya sinabi ang kahalagahan ng kaligtasan para lang matanggap ito ng kanyang mga kababayan?

4. Ano ang panalangin niya para sa mga Israelita?
5. Ano ang nakita niyang problema sa mga Israelita pagdating sa kaligtasan?

TALAKAYIN:

1. Pinatunayan ng salita ng Diyos na ang Israelita ay talagang pinili ng Diyos at pinatunayan din ito ng kasaysayan? Pero bakit sa palagay ninyo hindi pa rin sila maituturing na ligtas na?
2. Ano ang nakikita ninyong kakulangan o ano ang naging pagkakamali nila?
3. Ano ang nakikita mong pagkakahawig ng mga Israelita sa iba pang mga tao sa mundo?
4. Ano ang ipinapakita ng salita ng Diyos tungkol sa kaligtasang ibinibigay ng Diyos sa sanlibutan?
5. Paano ka naligtas, sa tingin mo ba naaayon ito sa paraan ng Diyos? Bakit

WORKS TIME: (10 mins)- Magdalanginan sa isa't isa, magplano para sa pag-ebanghelyo at pagpapalano para sa susunod na pagtitipon. Ipakilala ang "Seven steps of Salvation" sa mga bisita

WOW TIME: (10 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

WEEK 3 ANG KAHALAGAHAN NG KAPANGANAKANG MULI

WELCOME TIME: (5 mins)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa "**Start-up**" o di kaya ay magdownload ng application "Question Box" sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

Startup: Gamitin ang mga tanong mula sa "**Question Box**".

WORSHIP TIME: (8 mins)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

WORD TIME: (30 mins)-Basahin ang **JOHN 3:1-13**

LAYUNIN: Upang malaman ng mga mag-aaral na ang kapanganakang muli ay napakahalaga higit pa sa anumang relihiyon at kailangang-kailangan upang makapasok ang sinumang tao sa kaharian ng Diyos.

SAGUTIN:

1. Sino ang kumasap sa Panginoong Jesus sa tagpong ito? Anong oras sila nagkausap?
2. Ano ang pagkakilala niya sa Panginoong Jesus? Ano ang tugon ng Panginoon kay Nicodemus?
3. Ano ang sinabi ni Nicodemus sa sinabi ng Panginoong Jesus, tungkol sa kapanganakang muli?
4. Ano ang hindi mangyayari sa isang taong hindi maipapanganak na muli?
5. Paano ito ipinaliwanag ng Panginoong Jesus para ipakita ang kahalagahan nito?
6. Saan daw galing ang katotohanang ito ayon pa rin sa Panginoong Jesus?

TALAKAYIN:

1. Meron ka na bang narinig na sagot o paliwanag tungkol sa pagkaunawa ng ibang tao tungkol sa kapanganakang muli o Born again? Magbigay ng isa?
2. Ano ang unang sumagi sa isip mo noong una mong marinig ang tungkol sa kapanganakang muli?
3. Malinaw na ba sa iyo ngayon ang usaping kapanganakang muli? Bakit?
4. Nangyari na ba ito sa iyo? Paano? Kung hindi pa gusto mo bang ipanganak na muli?

WORKS TIME: (10 mins)- Magdalanginan sa isa't isa, magplano para sa pag-ebanghelyo at pagpapalano para sa susunod na pagtitipon. Ipakilala ang "Seven steps of Salvation" sa mga bisita

WOW TIME: (15 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

WEEK 4 ANG PLANO NG DIOS

WELCOME TIME: (5 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa “**Start-up**” o di kaya ay magdownload ng application “Question Box” sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

Startup: Naniniwala ka ba na may magandang plano sa atin ang Panginoon? At kailanman ay hindi niya tayo ipapa-hamak? Bakit o bakit hindi?

WORSHIP TIME: (8 min)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

Song: Dakilang Dios

WORD TIME: (30 mins)-Basahin ang **Jeremiah 29:11-14**

LAYUNIN: Upang malaman ng mga mag-aaral na ang plano ng Dios ay mas mainam kay sa ating mga plano sa buhay.

SAGUTIN

1. Ano-ano ang mga plano ng Dios para sa kanyang mga anak?
2. Ano sa tingin mo ang magagandang plano na sinasabi sa talata? Ang mga kahulugan ba na ito ay umaayon sa iyo? Bakit o bakit hindi?

TALAKAYIN

1. Kailan mo naramdaman na ang nais ng Dios ang pinaka-mainam para sa iyo?
2. May pagkakataon ba na nag-alala kung saan naramdaman mo na wala ang Dios para sa iyo?
3. Naniniwala ka ba na may magandang plano talaga ang Dios para sa iyo?
4. Ano-ano ang mga bagayna gawin upang ating ma-discover ang ma-gandang plano ng Dios para sa atin?

WORKS TIME: (10 mins)- Magdalanginan sa isa’t isa, Kunin ang prayer request ng bawat isa. Magplano para sa pag-ebanghelyo, kung sini-sino ang iimbatahin sasusunod na gawain at pagpapalano para sa susunod na pagtitipon. Ipakilala ang “Seven steps of Salvation” sa mga bisita

CROSS CONNECTION: Kailan mo naranasan na parang wala ang Panginoon sa iyong tabi? Sabi ng Niya, hindi kita iiwan at pababayaan. Ang Panginoon ay laging nasa iyo. Marahil ikaw ang malayo sa Kanya at hindi Siya ang malayo sa iyo... Nais mo ba na lumapit sa Panginoon?

WOW TIME: (10 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

WEEK 5 ANG KALIGTASAN

WELCOME TIME: (5 mins)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa “**Start-up**” o di kaya ay magdownload ng application “Question Box” sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

Startup: Sa tingin ninyo, ano ang paraan upang ang tao ay mapunta sa langit?

WORSHIP TIME: (8 mins)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.
Song: Thank you for the Blood

WORD TIME: (30 mins)-Basahin ang **Lucas 23:39-43**

LAYUNIN: Upang ang mga mag-aaral ay tumugon sa kaligtasang alok ni Cristo para sa atin.

SAGUTIN

1. Ilan ang kasama ni Cristo na pinarusahan?
2. Pano pinakisamahan o tinrato ng unang lalaki si Jesus? (*disbelief/insult*)* Paano niya ito ininsulto?
3. Pano pinakisamahan o tinrato ng ikalawang lalaki ang unang lalaki? (*Nirebuke, Pinaalala ang kanilang kasalanan*)*
4. Pano tinrato ng ikalawang lalaki si Jesus?
 - a. *Naniwala siya na si Jesus ay Dios*
 - b. *Naniwala siya na si Jesus ay walang kasalanan*

- c. *Naniwala siya na kailangan niya si Jesus*
 - d. *He asked to save him**
5. Paano tinrato ni Jesus ang ikalawang lalaki? (*Accepted and saved him*)*
 6. Sa tingin mo ang ikalawang lalaki ay ligtas? Paano ka nakakasiguro?
 7. Pano naligtas ang ikalawang lalaki?
A – dmit that he is a sinner
B – elieve in Jesus Christ (God, Sinless, Savior)
*C – ommit to Christ our Salvation**

TALAKAYIN

1. Sa mga sinabi natin kanina na paraan upang mapunta ang tao sa langit, ito ba ang ginawa ng ikalawang lalaki?
2. Ano ang paraan upang talaga tayong maligtas?
A – dmit that he is a sinner (inaamin niyo ba na kayo’y makasalanan?)
3. Bakit may panahon na mahirap aminin ang kasalanan?
B – elieve in Jesus Christ (naniniwala ka ba na si Jesus lang ang kaligtasan, ang siya nating Dios?)
4. Sa iyong palagay, bakit mahirap ang manampalataya kang Jesus? Bakit may mga tao parin na hindi naniniwala na si Jesus ay Dios?
C – ommitt to Christ our Salvation (sino dito ang nagna-nais na ipagkatiwala ang kanyang buhay sa Panginoon?)
5. Ano-ano ang pumipigil sa tao upang ibigay ang sarili kay Cristo?

WORKS TIME: (10 mins)- I-challenge ang mga members upang magkaroon sila ng buhay na walang hanggan. Ibahagi ang “Seven Steps of Salvation sa loob ng pitong minute. Manalangin ng “Prayer of Repentance”. Tapos, i-challenge ang mga sumampalataya na mabautismohan sa pangalan ni Jesus (Acts 2:38).

Magdalangin sa isa’t isa, Kunin ang prayer request ng bawat isa. Magplano para sa pag-ebanghelyo, kung sino-sino ang iimbitahin sasusunod na gawain at pagpapalano para sa susunod na pagtitipon.

PANALANGIN

Mahal kong Panginoong Jesus, naniniwala po ako na ako ay makasalanan at nangangailangan ng iyong kapatawaran. Tunay ko pong tinatalikuran ang aking mga kasalanan at ikaw ay aking pinagkakatiwalaan at tinatanggap bilang Tagapagligtas at Panginoon. Isinusuko ko po

ang aking buhay mula ngayon at nais ko pong sumunod sa iyong kaloo-ban sa aking buhay. Marami pong salamat... Amen

CROSS CONNECTION: Ipaliwanag kung ano ang ginawa nila nung tunay na tinanggap nila si Jesus sa kanilang buhay.

I-schedule ang bautismo sa tubig sa pangalan ni Jesus ayon sa nakasulat sa Gawa 2:38, upang ang mga tumanggap sa kaligtasan ay mabautismohan bago pa dumating ang susunod na pagtitipon.

WOW TIME: (10 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

** Tanggalin ang mga sagot kung sakaling ang "lesson notes" na ito ay ipapamahagi sa mga membro ng Oikos Cell. Ang mga sagot ay nakalaan para lamang sa Cell Leader upang maging gabay sa diskusyon.*

WEEK 6 TOTAL SURRENDER

WELCOME TIME: (15 min)- Heart Puzzle

1. Gumupit ng hugis puso sa pulang art paper. Gupitin ang puso sa pitong bahagi.
2. Maghanda ng hugis krus sa puting papel na maaring magkasya sa hugis puso na ginawa.
3. Ilagay ang mga ito sa isang envelope. Maghanda ng isang pares.
4. Hatiin ang grupo sa dalawa at bigyan ng tig-isang envelope (may laman na puso at krus, bond paper at paste)
5. Sa iyong hudyat mag-unahan ang bawat grupo na mabuo ang puso at idikit ito sa bond paper. Idikit ang krus sa loob ng puso.
6. Ipaliwanag ang puso.
7. Kumpletuhin ang pangungusap: Ayaw ng Panginoon ang baha-bahagi lamang ng aking puso, ang nais niya ay

WORSHIP TIME: (10 min)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.
Song: I Surrender All

WORD TIME: (30 mins)-Basahin ang **Marcos 10:17-30**

LAYUNIN: Upang maitanim sa puso ng bawat mag-aaral na ang ang hinahanap ng Dios ay buong puso na pag-aalay ng buhay sa kanya.

SAGUTIN

1. Paano lumapit ang binatang lalaki kay Jesus?
2. Ano ang importanteng bagay ang itinanong niya kay Jesus?
3. Ibinigay ni Jesus ng lima mula sa sampung utos, ano ang ginawa ng lalaking ito sa mga Kautusan?
4. Ang pagiging mabuti ba sa mata ng mga tao ay maaring makapagbigay ng buhay na walang hanggan? Ano ang sina-bi ni Jesus sa kanya?
5. Bakit sa tingin mo hiningi ni Jesus ang kanyang kayamanan at ipagkaloob ito sa mga mahihirap at sumunod siya sa akin?
 - Nais subukan ni Jesus ang kanyang pag-ibig sa Dios
 - Nais subukan ni Jesus kung kaya niya ibigin ang kanya kapwa
 - Nais malaman ni Jesus kung tunay niya nga bang iniibig ang Dios ng higit sa lahat
6. Bakit umalis ang lalaki?

TALAKAYIN

1. Ano ang tunay na kahulugan ng TOTAL SURRENDER para sa'yo?
2. Bakit sa tingin mo mahalaga ang pamumuhay na TOTAL SURRENDER? Makakaya mo bang gawin ito sa buhay mo? Bakit?
3. Posible ba na iligtas ng tao ang kanyang sarili?
4. Ano ang ipinangako ni Jesus sa sinoman na susunod sa kanya?
5. Isinuko mo na ba ang lahat-lahat sa iyo para kay Jesus? Anong parte ng buhay mo ang mahirap isuko kay Jesus?

WORKS TIME: (10 mins)- Magdalanginan sa isa't isa, Kunin ang prayer request ng bawat isa. Magplano para sa pag-ebanghelyo, kung sini-sino ang iimbitahin sasusunod na gawain at pagpapalano para sa

susunod na pagtitipon. Ipakilala ang “Seven steps of Salvation” sa mga bisita

CROSS CONNECTION: Wala tayong contribution sa Kaligtasan. Hindi natin ito nakamit dahil nagging mabuting tao tayo. Ito ay dahil sa kung anong ginawa ni Jesus sa krus at hindi kung ano pa man ang atig ginawa. Ito ay dahil lamang sa kanyang kagandahang loob.

WOW TIME: (10 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

WEEK 7 BORN AGAIN

WELCOME TIME: (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa “**Start-up**” o di kaya ay magdownload ng application “Question Box” sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

Startup: Ano ang iyong pagka-unawa sa salitang “born-again”?

WORSHIP TIME: (8 mins)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

Song: Ang Buhay ng Kristiyano

WORD TIME: (30 mins)-Basahin ang **Juan 3:1-7**

LAYUNIN: Upang maunawaan ng mga mag-aaral ang tunay na kahulugan ng buhay na “Born Again”.

SAGUTIN:

1. Sino-sino ang mga tauhan sa mga talata? Sino ba si Nicodemo?
2. Bakit sa tingin mo gabi nagpunta si Nicodemo kay Jesus?
3. Sinabi ni Jesus kinakailangang ipanganak kang muli. Ano ang pagkakaunawa ni Nicodemo dito?

TALAKAYIN:

1. Ano ang ibig sabihin ni Jesus na kailangan kang ipanganak kang muli?

2. Paano bang ipanganak na muli ang isang tao?
*(Kung sa tingin mo ay may mag miyembro na hindi ito lubos maunawaan, ipaliwanag mabuti ang sinasabi na ipanganak ng muli.)**
3. Nasubukan mo na ba ang mamuhay bilang isang “Born Again”?
4. Ano-ano ang mga kahulugan ng Born Again ang iyong naririnig mula sa mga hindi mananampalataya? *(e.g. relihiyon, grupo ng mga kristiyano, etc.) ang tunay na kahulugan ng Born again ay ang kapanganakang muli kay Cristo at ito’y hindi relihiyon o Samahan ng mga kristiyano bagkos ito ay ang pagbabago at pag-aalay ng buhay kay Cristo.**
5. Paano mo ma-describe ang iyong personal na relasyon kay Jesus? Ano-ano ang mga bagay upang ito’y mas lalong tumibay at lumago?

WORKS TIME: (15 mins)- I-challenge ang mga members upang magkaroon sila ng buhay na walang hanggan.

Magdalangin sa isa’t isa, magplano para sa pag-ebanghelyo at pagpapalano para sa susunod na pagtitipon. Ipakilala ang “Seven steps of Salvation” sa mga bisita.

CROSS CONNECTION: Si Jesus ang daan, katotohanan at buhay, Jn 14:6, walang ibang daan upang tayoy magkaroon ng kaligtasan. Nais mo ba na isuko ang iyong buhay kay Jesus?

Pagsumikapan na makasali ang grupo sa **“ENGKWENTRO UNO: Spiritual Foundation Encounter.”**

WOW TIME: (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

PANALANGIN

Mahal kong Panginoong Jesus, naniniwala po ako na ako ay makasalanang at nangangailangan ng iyong kapatawaran. Tunay ko pong tinatalikuran ang aking mga kasalanan at ikaw ay aking pinagkakatiwalaan at tinatanggap bilang Tagapagligtas at Panginoon. Isinusuko ko po ang aking buhay mula ngayon at nais ko pong sumunod sa Iyong kalooban sa aking buhay. Marami pong salamat... Amen

WEEK 8 PAGBUHOS NG BANAL NA ESPIRITU

WELCOME TIME: (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa “**Start-up**” o di kaya ay magdownload ng application “Question Box” sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

Startup: Gamitin ang mga tanong sa apps na Question Box

WORSHIP TIME: (10 min)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

Song: I feel the Spirit moving, and that’s all right

WORD TIME: (40 mins)-Basahin ang **Gawa 2:1-41**

LAYUNIN: Upang malaman ng mga mag-aaral na mahalaga ang mapuspos ng Banal na Espiritu, at maranasan ang pagsasalita ng ibang wika ayon sa kaloob ng Banal na Espiritu.

SAGUTIN:

1. Ano ang ginagawa ng mga apostoles sa araw ng Pentecostes? (v.1)
2. Ano-anong mga mapapansing palatandaan na ang Banal na Espiritu ay nasa loob ng tahanan? (vv.2-4)
3. Ano ang palatandaan na sila nga ay napuspos ng Banal na Espiritu? (v.4)
4. Ano naman ang ginawa ng mga tao nung makita nila ang mga pangyayaring eto? (v.5-12)
5. Paano naman tumugon si Pedro sa kanilang pagkukutya? (vv. 14-36)
6. Ano ang nararamdaman ng mga tao matapos mangaral si Pedro? (v.37)
7. Ano naman ang kanyang tugon sa kanilang mga tanong? (vv. 38-39)
8. Ilan ang tumanggap sa Panginoon sa araw na ‘yun?

TALAKAYIN:

1. Kung ikaw ay nasa loob ng bahay at kasama mo ang mga apostoles noong ibinuhos ng Dios ang Banal na Espiritu? Ano ang iyong gagawin? Paano ka magre*respond* sa pangyayari?
2. Bakit kaya ang pagsasalita ng iba’t-ibang wika ang ginagamit ng Dios upang palatandaan na ang isang tao ay nakatanggap ng Banal na Espiritu?

3. Kung ikaw ay nakasubok na ng pagsasalita ng iba't ikang wika nung ikaw ay mapuspos ng Banal na Espiritu, Ano ang pakiramdam noong una mo itong natanggap? At kung hindi ka pa nakatanggap nito, ninanais mo bang makatanggap ng bagay na ito? Bakit?
4. Sa iyong palagay, ano kaya ang pumipigil sa isang tao upang matanggap ang kaloob na ito?

WORKS TIME: (15 mins)- Ipanalangin ang gustong makatanggap ng Banal na Espiritu, bigyan ng kaukulang instruction kung papaano ito tatanggapin (*ask your mentor or pastor for dealing this matter*) Magdalangin sa isa't isa, magplano para sa pag-ebanghelyo at pagpapalano para sa susunod na pagtitipon. Ipakilala ang "Seven steps of Salvation" sa mga bisita.

WOW TIME: (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

INFANCY STAGE



| NAME | WEEKS | | | | | | | | ACCEPTED JESUS CHRIST? |
|------|-------|---|---|---|---|---|---|---|------------------------|
| | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | |
| 1 | | | | | | | | | |
| 2 | | | | | | | | | |
| 3 | | | | | | | | | |
| 4 | | | | | | | | | |
| 5 | | | | | | | | | |
| 6 | | | | | | | | | |
| 7 | | | | | | | | | |
| 8 | | | | | | | | | |
| 9 | | | | | | | | | |
| 10 | | | | | | | | | |
| 11 | | | | | | | | | |
| 12 | | | | | | | | | |
| 13 | | | | | | | | | |
| 14 | | | | | | | | | |
| 15 | | | | | | | | | |

INFANCY STAGE CHARACTERISTICS

NUMBER OF GATHERINGS (WEEKS)

9th to 16th Meeting

6 to 8 weeks

At this stage members focus on themselves more than others in the cell. They usually have a question in their mind —What can I get from this group? Members will start to express how they really feel. At this stage 50% of your members are consistently attending sessions.

Furthermore, relationships within the group is established and at the same time personality conflicts and irritations will begin to emerge.

OBJECTIVES

To break through the bonded relationships.

LEADER

Cell Leader and Intern

GOAL

Study the Word. Fasting. Prayer of Faith

5 W's OF AN OIKOS CELL MEETING

WELCOME TIME: (5-15 min)

FOCUS: One another

AIM: Building relationships within the group

Question Box Apps is a good material to use for this portion. This can be downloaded in phone or iPad.

Can be done through a cup of coffee and asking them what had happened in their last week

WORSHIP TIME: (8-10 min)

FOCUS: Us to God

AIM: To focus our attention as individuals and as a group on the presence of the Lord Jesus .

Preferably tagalog fast song. MAghanda nga mga lyrics ng mga awitin upang ang lahat ay makasabay. Mas mainam din kung may gitara o accompaniment upang mas maging masaya ang kantahan.

WORD TIME: (30-40 mins)

FOCUS: God to us

AIM: Allow God to minister to us as we study his word

- Week 1 Tagumpay Laban sa Tukso
- Week 2 Pagbabasa ng Biblia
- Week 3 Babala: Mag-ingat sa Maling Aral
- Week 4 Ang Pagpapatuloy sa Tamang Katuruan
- Week 5 Ang Kahalagahan ng Pananalangin
- Week 6 Pananalangin
- Week 7 Ang Pananalangin na Kinalulugdan ng Dios
- Week 8 Pag-aayuno

WORKS TIME: (15 mins)

FOCUS: God to others—through us

AIM: Allow God to reach and minister to others outside this group through us.

– *an opportune time to pray for each cell members and witness the proofs and evidences of your prayer in the group.*

CROSS CONNECTION

Ang cross connection ang pinakamahalagang bahagi ng WORKS. Ito ay tumutukoy sa krus (Jesus) kung ano ang ating pag-tugon sa kanya sa mga Salitang ating narinig. Ito ang ebanghelio na itinatanim natin sa puso ng bawat tagapakinig. Ito ang panahon na anyayahan ang mga bisita para sa “Seven Steps of Salvation” na aralin.

INVOLVEMENT IN CHURCH ACTIVITIES/SERVICE

Inter Cell Fellowship every month

Special occasion (mother’s day, anniversary, etc)

WOW TIME: (30 mins)

FOCUS: Serving One another

AIM: This is the fellowship time where every individual will be enjoying the food being served and Discipleship Levels will be worked with.

FOOD

Food is optional.

WEEK 1 TAGUMPAY LABAN SA TUKSO

WELCOME TIME: (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa “**Start-up**” o di kaya ay magdownload ng application “Question Box” sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

Startup: Ano-ano ang mga halimbawa ng tukso?

WORSHIP TIME: (10 mins)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

WORD TIME: (40 mins)-Basahin ang **Genesis 2:15-17, 3:1-10**

LAYUNIN: Upang malaman ng bawat mag-aaral na merong tuksong kakaharapin ng bawat Kristiyano, ngunit tiyak na mapagtagumpayan sa tulong ng Panginoon.

SAGUTIN:

1. Sino-sino ang mga tauhan sa mga talata?
2. Ano ang utos sa ipinagbabawal na puno? Ano ang parusa dito?
3. Ano ang masamang nangyari sa kwento at paano ito naga-nap?
4. Ano ba ang ginawa ni Eba kung bakit siya natukso? (*lumapit siya sa ipinagbabawal na puno*) *discuss**

TALAKAYIN:

1. Halimbawang ikaw noon si Eva o si Adan, ano kaya ang maaring mangyari?
2. Kung ikaw ay nahaharap sa isang malaking tukso na maaring maglayo sa iyo sa Panginoon, ano ang maari mong gawin?
3. Malaki ang nawala kay Adan at Eva noong sila ay nagkasala. Ano sa palagay mo ang maaring mawala sa iyo kung ikaw ay mahulog sa kasalanan?

WORKS TIME: (15 mins)- I-challenge ang mga members na sumali sa 21 Days Challenge na Bible Reading (Magdownload ng PDF ng “Daily Bible Reading Guide 2023”), kasama na ang Journaling gamit ang COWPRAS na acronym.

Magdalanginan sa isa’t isa, magplano para sa pag-ebanghelyo at pagpapalano para sa susunod na pagtitipon. Ipakilala ang “Seven steps of Salvation” sa mga bisita.

CROSS CONNECTION: Anong tukso ang nahihirapan kang mapagtagumpayan? Hilingin natin sa Panginoon na bigyan ka niya ng kala-

kasan. Sapagkat kung sa atin lang ay hindi natin ito makakayanan. Kailangan natin ang Kanyang kapangyarihan. Nais mo ba na hingin ito sa Kanya?

WOW TIME: (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

WEEK 2 PAGBABASA NG BIBLIA

WELCOME TIME: (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa “**Start-up**” o di kaya ay magdownload ng application “Question Box” sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

Startup: Magbigay ng pagkakataon na hindi mo makain ang paborito mong pagkain. Magbigay din ng pagkakataon na ikaw ay uhaw na uhaw.

WORSHIP TIME: (10 mins)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

WORD TIME: (40 mins)-Basahin ang **Psalms 119:1-5, 9-11, 105**

LAYUNIN: Upang ang mag-aaral ay magkaroon ng commitment na magbasa ng Biblia at magsulat ng Journal araw araw.

SAGUTIN:

1. Sino ang sinasabing mapalad (1-5)?
2. Paano daw mamumuhay sa katuwiran ang isang tao? (v.9)
3. Ano ang dapat gawin upang hindi magkasala laban sa Dios? (v.11)
4. Sa ano inihalintulad ang salita ng Dios? (v.105)

TALAKAYIN:

1. Paano natin magagamit ang Biblia na siyang nagutuwid ng ating landas?
2. Magbigay ng pagkakataon na habang nagbabasa ka ng Biblia ay parang ang Dios ay nasa sa tabi mo at ikaw ay kanyang kinakausap.

3. Ang pagbabasa ba ng Biblia ay madali o mahirap? Interest-ing na or boring? Bakit?
4. Ano ang mga dapat mong gawin upang ang pagbabasa ng Biblia ay maging regulr habit?
5. Paano natin mas maririnig ang tinig ng Dios sa pamamagitan ng ating pagbabasa ng Biblia?
6. Sa tingin mo ang Biblia ba ay maaasahan nating gabay sa ating buhay? Bakit o bakit hindi?
7. May kilala ka bang tao na nagbabasa ng Biblia at ginagawa niya itong gabay sa kanyang pamumuhay? Bakit sa tingin mo ay kanyang pinagkaktiwalaan ang Biblia?
8. Memorize Psalms 109:105

WORKS TIME: (15 mins)- I-encourage ang lahat na dumalo sa Sunday Service upang maranasahan ang sama-samang pagpupuri sa Dios. Isulat ang dalawang tao na gustong nilang abutin sa susunod na lingo. Ipanalangin ang dalawang taong ito na nais nilang imbitahan at isali sa cell group.

Magdalanginan sa isa’t isa, magplano para sa pag-ebanghelyo at pagpapalano para sa susunod na pagtitipon. Ipakilala ang “Seven steps of Salvation” sa mga bisita.

BASIC: Maglaan ng panahon na basahin ang Bibliya kahit isang chapter isang araw, pwede ring gumamit ng “Daily Bible Reading Guide” nga pwedeng ma download sa Google.

WOW TIME: (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

WEEK 3 BABALA: MAG-INGAT SA MALING ARAL

WELCOME TIME: (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa “**Start-up**” o di kaya ay magdownload ng application “Question Box” sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

Startup: Gamitin ang Question Box

WORSHIP TIME: (10 mins)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

WORD TIME: (40 mins)-Basahin ang **1TIMOTHY 1:3-7**

LAYUNIN: Upang makita ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng tamang aral na dapat pinagkakaabalahan ng mga mananampalataya.

SAGUTIN:

1. Ano ang iniutos ni Pablo kay Timoteo?
2. Ano ang pangunahing dahilan bakit dapat niya itong gampanan?
3. Ano ang nagiging resulta ng mga maling aral sa loob ng iglesya?
4. Ano naman ang nagiging resulta ng mga pagtatalo-talo sa loob ng iglesya?
5. Ano ang sinabi niya tungkol sa kautusan? Para kanino ang ito?

TALAKAYIN:

1. Kung ikaw ang tatanungin, Sa palagay mo mahalaga ba ang tamang katuruan? Gaano?
2. Magbigay ng ilang katotohanan na maaaring idulot ng tamang katuruan sa buhay ng isang tao? (Ganon din naman ang maidudulot ng mali?)
3. Ano ang nakikita mong dahilan bakit may mga maling turo na lumalaganap pa rin sa ating panahon?
4. Ano ang nakikita mo maari mong gawin para mawala o mabawasan ang maling turo at tagapagturo?
5. Masasabi mo ba na ang katuruang pinaniniwalaan mo tungkol sa kaligtasan ay tama? Paano ka nakatiyan kung, “Oo”? Kung “Hindi gusto mo bang malaman ang totoo?

WORKS TIME: (15 mins)- Muling balikan kung sino ang nakapagpatuloy sa 21 Days Challenge. I-congratulate ang nakaabot ng 14 days sa migestone na kanilang nakamit.

Magdalangin sa isa’t isa, magplano para sa pag-ebanghelyo at pagpapalano para sa susunod na pagtitipon. Ipakilala ang “Seven steps of Salvation” sa mga bisita.

BASIC: Soak in the Word. Gumamit ng malinis na notebook upang maging Journal. Tingnan ang **appendix** upang maging gabay.

WOW TIME: (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

WEEK 4 ANG PAGPAPATULOY SA TAMANG KATURUAN

WELCOME TIME: (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa “**Start-up**” o di kaya ay magdownload ng application “Question Box” sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

Startup: Gamitin ang Question Box

WORSHIP TIME: (10 mins)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

WORD TIME: (40 mins)-Basahin ang **1TIMOTHY 1:12-20**

LAYUNIN: Upang malaman ng mga mag-aaral na ang pagparito ng Panginoong Jesus ay isa sa pinakamahalagang bahagi ng katuruang dapat nating pinanghahawakan at ipinapahayag.

SAGUTIN:

1. Ano ang ipinagpapasalamat ni Pablo sa Panginoong Jesus? Bakit ganon na lang ang kanyang pasasalamat?
2. Ano ang ibinigay sa kanya ng Diyos kahit siya ay lapastangan?
3. Ano ang mariin niyang sinabi tungkol sa dahilan nang pagpunta ng Panginoong Jesus sa sanlibutan?
4. Ano ang nahayag sa pangyayaring ito?
5. Ano ang sinabi niya sa Diyos bilang papuri?
6. Ano ang iniutos niya kay Timoteo? Ano ang dahilan o halimbawa na ibinigay niya para pahalagahan ito ni Timoteo?

TALAKAYIN:

1. Si Pablo ay umamin na siya ay talamak na makasalanan at nagpasalamat dahil kinaawaan siya ng Diyos at ginamit pa sa Kanyang gawain. Masaya ka bang malaman ito? Bakit?
2. Paano mo masasabi na ang isang katuruan ay pinahahalagahan ng isang tagapagturo o ng isang grupo?
3. Binanggit muli ni Pablo ang dahilan ng pagparito ng Panginoong Jesus sa sanlibutan? Sa tingin mo dapat pa rin bang bigyan ng malaking halaga sa ating panahon ang dahilan ng Pagparito ng Panginoong Jesus? Bakit?
4. Nakikita mo bang ganito pa rin tayo magpahalaga sa dahilan ng pagparito ng Panginoong Jesus? Bakit?

5. Kung may pagbibilinan si Pablo ng mahahalagang katuruan, sa ating gawain makakakita kaya siya ng kagaya ni Timoteo sa ating cell group? Ikaw ba ito? Bakit?

WORKS TIME: (15 mins)- Muling balikan kung sino ang nakapagpatuloy sa 21 Days Challenge. I-congratulate ang nakaabot ng 21 days, at kung maari, magbigay ng Certificate of Completion. I-challenge uli silang gumawa ng 90 days challenge hanggang ang pagbabasa ng Bibliya at journaling ay maging HABIT. Magdalangin sa isa't isa, magplano para sa pag-ebanghelyo at pagpapalano para sa susunod na pagtitipon. Ipakilala ang "Seven steps of Salvation" sa mga bisita.

WOW TIME: (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

WEEK 5 ANG KAHALAGAHAN NG PANALANGIN

WELCOME TIME: (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa "**Start-up**" o di kaya ay magdownload ng application "Question Box" sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

Startup: Gamitin ang Question Box

WORSHIP TIME: (10 mins)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

WORD TIME: (40 mins)-Basahin ang **1TIMOTHY 2:1-8**

LAYUNIN: Upang muling makita ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng panalangin sa buhay ng mga mananampalataya ganon din ang kaligtasan ng mga tao.

SAGUTIN:

1. Ano ang nais ni Pablo na unahin ng mga mananampalataya?
2. Ano ang kanyang dahilan bakit ito dapat gawin?
3. Ano „yong itinuturing niyang katanggap-tanggap sa Diyos.
4. Ano ang sinabi niya tungkol sa Diyos at Tagapagligtas?
5. Ano ang sinabi ni Pablo tungkol sa kanyang sarili ayon sa mga katotohanang ito?

TALAKAYIN:

1. Ang panalangin ay isa sa mga pangkaraniwang gawain ng mga mananampalataya, sa tingin mo ba mahalaga ito. Bakit?
2. Ayon sa mga talatang ating binasa sinabi diyan na matatahimik ang buhay kapag ipinanalangin natin ang mga namumuno sa atin, sa tingin mo paano ito mangyayari?
3. May isa pang sinabi si Pablo tungkol naman sa katanggap-tanggap sa paningin ng Diyos? Ano ito at bakit ito naging katanggap-tanggap?
4. Ang manalangin at ang kaligtasan ng mga tao ay parehong mahalaga sa Diyos, ano dito ang mas nagagawa mo? Bakit?

WORKS TIME: (15 mins)- Bigyang diin ang letter “A” (*Adoration*) ng BASIC hanggang sa ang mga BASICs ay maging HABIT na ng isang mananampalataya.

Magdalangin sa isa’t isa, magplano para sa pag-ebanghelyo at pagpapalano para sa susunod na pagtitipon. Ipakilala ang “Seven steps of Salvation” sa mga bisita.

WOW TIME: (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

WEEK 6 PANANALANGIN

WELCOME TIME: (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa “**Start-up**” o di kaya ay magdownload ng application “Question Box” sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

Startup: Para sa iyo ano ang panalangin?

WORSHIP TIME: (10 mins)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

WORD TIME: (40 mins)-Basahin ang **Mateo 6:5-15**

LAYUNIN: Upang i-challenge ang mga mananampalataya na manalangin ng isang oras bawat araw, at maging habit ito.

SAGUTIN:

1. Ano-ano ang mga tamang saloobin sa pananalangin? (*Verse 5 huwag mapagkunwari*)*
2. Ano ba ang mapagkunwaring panalangin? (*Verse 6 maging pribado*)*
3. Ano ibig sabihin ng pribado at magkulong sa iyong silid? (*Verse 7-8 huwag gumamit ng paulit-ulit na salita*)*
4. Ano ang ibig sabihin ng paulit-ulit na salita?
5. Sinabi sa verse 8 na alam na ng Dios ang ating pangangailangan bago pa natin ito hingin sa kanya, kung gayon bakit pa natin humingi sa kanya?
6. Ano ang itinuro ni Jesus kung paano manalangin?

TALAKAYIN:

Ama naming nasa langit, sambahin nawa ang ngalan mo

1. Paano lumapit sa Dios? *Kinakailangan ng may pagpupuri**
2. Ano-ano ang mga salitang nagpupuri sa Dios?

Ikaw nawa ang maghari sa amin, sundin nawa ang iyong kalooban dito sa lupa tulad ng nasa langit.

3. Ano ang ibig sabihin nito? *Pagtatalaga sa aking sarili sa layunin at kalooban ng Dios sa aking buhay.**

Bigyan mo kami ng pagkaing kailangan sa araw na ito.

4. Ano ang nais ituro dito? *Paghingi sa aking pangangailangan**
5. Sinasabi sa Santiago 4:2, —hindi ninyo nakakamtan ang inyong minimithi sapagkat hindi kayo humihingi sa Dios. Naniniwala ka ba na ang Dios ang nagbibigay ng iyong pangangailan? Anong pagkakataon ng humingi ka sa Dios at ito ay kanyang tinugon? Kinakailangan na ang paghingi sa diyos ay —detalyado

At patawarin mo kami sa aming mga kasalanan,

6. Ano ang ibig sabihin nito?

Tulad ng aming pagpapatawad sa mga nagkakasala sa amin.

7. Ano ito? Kailangan na ipanalangin ang ibang tao? Bakit?

At huwag mo kaming iharap sa mahigpit na pagsubok, kundi ilayo mo kami sa masama. (*Paghingi ng espiritwal na proteksyon mula sa Dios*)

8. Paano ma-improve ang iyong pananalangin sa mga bagay na ating natutunan?

WORKS TIME: (15 mins)-

- a. Maaring i-guide ang iyong cell members sa panalangin na itinuro ni Jesus. Maaring ang bawat isa ay tumayo at isa-isang

manalangin gamit ang mga bagay na natutunan. Kung sa tingin mo ay hindi pa handa ang grupo maaring manalangin ng tahimik. Ngunit dapat alalahanin na ang panalangin ay kagalakan ng mga mananampalataya at hindi dapat kinatatakutan.

- b. I-challenge ang mga kapatiran na manalangin ng isang oras bawat araw. Gawin itong 21 days challenge at ilagay sa journal ang tagumpay nila sa bawat araw ng panalangin.
- c. Kung hindi man mabuo ang isang oras, i-challenge silang manalangin ng tag-10minutes sa bawat quarter ng araw: 6AM, 9AM, 12noon, 3PM, 6PM, 9PM. Kung ang mga oras na ito ay masusunod, mabubuo nilang ang higit isang oras bawat araw. Maglagay ng alarm sa cellphone upang i-remind sila sa bawat oras ng panalangin.
- d. Magdalangin sa isa't isa
- e. Magplano para sa pag-ebanghelyo
- f. Isulat sa isang papel ang dalawang tao na nais nilang imbitahan at isali sa cell group. Ang mga taong ito na kanilang isinulat ay kailangang ipanalangin sa bawat meeting ninyo sa cell group.
- g. Pagpapalano para sa susunod na pagtitipon.
- h. Ipakilala ang "Seven steps of Salvation" sa mga bisita.
- i. I-encourage ang lahat na dumalo sa Sunday Service upang maranasan ang sama-samang pagpupuri sa Dios.

WOW TIME: (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

WEEK 7 ANG PANALANGING KINALULUGDAN NG DIYOS

WELCOME TIME: (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa "**Start-up**" o di kaya ay magdownload ng application "Question Box" sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

Startup: Gamitin ang Question Box

WORSHIP TIME: (10 mins)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

WORD TIME: (40 mins)-Basahin ang **LUKE 18:9-14**

LAYUNIN: Upang makita ng mga mag-aaral na kinalulugdan ng Diyos ang mapagpakumbabang panalangin.

SAGUTIN:

1. Sino ang dalawang taong nagpunta sa templo para manalangin?
2. Ano ang Pariseo? Paano siya nanalangin?
3. Ano naman ang publikano? Paano siya nanalangin?
4. Ano ang sinabi ng Paninoong Jesus tungkol sa kanilang mga panalangin?
5. Anong katotohanan ang sinabi ng Panginoong Jesus.

TALAKAYIN:

1. Ano ang masasabi mo sa pagkatao ng Pariseo ayon sa kanyang panalangin? Mabuti ba siya o masama? Bakit?
2. Ano naman ang masasabi mo sa panalangin ng publikano?
3. Ano ang dahilan bakit hindi kinalugdan ng Diyos ang panalangin ng Pariseo?
4. Ano ang dahilan bakit kinalugdan ng Diyos ang panalangin ng publikano?
5. Kung may babaguhin ka sa iyong panalangin, ano ito at bakit?

WORKS TIME: (15 mins)-

Magdalangin sa isa't isa. Magplano para sa pag-ebanghelyo. Pagpaplano para sa susunod na pagtitipon. Ipakilala ang "Seven steps of Salvation" sa mga bisita.

BASIC:Subukang taas-taasan ang panahon sa panalangin. Mula 10 minutes hanggang sa maging kasanayan ito na maging isang oras bawat araw. Gawing HABIT ang isang oras na panalangin. Tanngapin ang hamon sa 21-days challenge na manalangin ng isang oras.

WOW TIME: (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

WEEK 8 PAG-AAYUNO

WELCOME TIME: (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa “**Start-up**” o di kaya ay magdownload ng application “Question Box” sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

Startup: Gamitin ang Question Box

WORSHIP TIME: (10 mins)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

WORD TIME: (40 mins)-Basahin ang **Matthew 6:16-18**

LAYUNIN: Upang ichtallenge ang mga kapatiran na mag-ayuno kahit isang beses sa isang lingo at gawin itong habit bilang isang mananampalataya.

SAGUTIN:

1. Anong klase ng pag-aayuno ang hindi kinalulugdan ni Jesus? (v.16)
2. Sino ang tinutukoy ni Jesus na hindi tama ang pamamaraan ng pag-aayuno? (v.16)
3. Sa panahon ng pag-aayuno, ano ang dapat gawin sa mukha? (v.17)
4. Sino ang magbibigay sa atin ng gantimpala? (18)

TALAKAYIN:

1. Bakit kaya ayaw ni Jesus na gumaya tayo sa mga Fariseo sa panahon ng pag-aayuno?
2. Bakit sinabi ni Jesus na natanggap na nila ang kanilang gantimpala? Sa iyong palagay, anong klaseng gantimpala ang kanilang natanggap?
3. Bakit kaya mahalagang punasan ang mukha sa panahon ng pag-aayuno?
4. Sa iyong pagkaunawa, bakit mahalaga ang pag-aayuno?
5. Ano-ano ba ang mga benepisyong naidudulot nito sa katawan ng tao maging sa espirituawal?
6. Nais mo bang mag-ayuno? Anong bahagi n pag-aayuno ang nahihirapan ka?
- 7.

WORKS TIME: (15 mins)- I-challenge ang mga kapatiran na mag-ayuno ng kahit isang kainan sa isang lingo upang ipanalangin ang mga sumusunod:

- a. Ang kanilang pastor at ang kanyang pamilya
- b. Ang iglesia maging ang mga gawain nito
- c. Ang Cell Group Leader at mga mentors na nagging bahagi ng Cell group.
- d. Mga ksamahan sa Cell Group
- e. Mga kaibigan, kapamilya na kailangang abutin.
- f. Personal: Family, needs, healing, etc.

Magdalangin sa isa't isa. Magplano para sa pag-ebanghelyo. Pagpapalano para sa susunod na pagtitipon. Ipakilala ang "Seven steps of Salvation" sa mga bisita.

WOW TIME: (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

CHILDREN STAGE



| NAME | WEEKS | | | | | | | | ATTENDING SUNDAY WORSHIP CELEBRATION |
|------|-------|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | |
| 1 | | | | | | | | | |
| 2 | | | | | | | | | |
| 3 | | | | | | | | | |
| 4 | | | | | | | | | |
| 5 | | | | | | | | | |
| 6 | | | | | | | | | |
| 7 | | | | | | | | | |
| 8 | | | | | | | | | |
| 9 | | | | | | | | | |
| 10 | | | | | | | | | |
| 11 | | | | | | | | | |
| 12 | | | | | | | | | |
| 13 | | | | | | | | | |
| 14 | | | | | | | | | |
| 15 | | | | | | | | | |

CHILDREN STAGE CHARACTERISTICS

NUMBER OF GATHERINGS (WEEKS)

17th to 24th Meeting

6 to 8 weeks

You can say that your cell is ready at this stage if you have a consistent attendance and each member can identify which one is missing and they're looking for him. Encourage each member not to miss any of these 8 lessons. And tell them that after this stage you're going to have a party (e.i. chicken party, halo-halo party, ice cream party, etc)

OBJECTIVES

To focus on ministering others within the group and understand some principles on Christian living.

LEADER

Cell Leader, Intern and Members (on scheduled)

GOAL

Righteousness. Knows God.

5 W's OF AN OIKOS CELL MEETING

WELCOME TIME: (5-15 min)

FOCUS: One another

AIM: Building relationships within the group

Question Box Apps is a good material to use for this portion. This can be downloaded in phone or iPad.

Can be done through a cup of coffee and asking them what had happened in their last week

WORSHIP TIME: (8-10 min)

FOCUS: Us to God

AIM: To focus our attention as individuals and as a group on the presence of the Lord Jesus .

At this stage, members should be encouraged the real essence of worship. You may use two songs (one fast, one slow). Preferably, songs sung in the church.

WORD TIME: (30-40 mins)

FOCUS: God to us

AIM: Allow God to minister to us as we study his word

- Week 1 Bagong Nilalang Kay Cristo
- Week 2 Ang Tamang Asal sa Pagbibigay
- Week 3 Shuunammite Blessings
- Week 4 Sino si Jesus-Cristo?
- Week 5 Si Jesus at ang Ama ay iisa
- Week 6 Kapahayagan ng Kapangyarihan ng Dios
- Week 7 Ang kakulangan ng mga Tagapag-ani
- Week 8 Ang Muling Pagbabalik ng Panginoon

WORKS TIME: (15 mins)

FOCUS: God to others—through us

AIM: Allow God to reach and minister to others outside this group through us.

– *this is the best time to do prayer partner, prayer notes and other prayer meetings.*

- *introduced within the group about the vision for multiplication.*

OFFERING

Introduced within the group. Offering is one of the forms in worshiping our God. Through this, it gives members a strong commitment and loyalty to their cell.

INVOLVEMENT IN CHURCH ACTIVITIES/SERVICE

Inter Cell Fellowship every month

Special occasion (mother's day, anniversary, etc)

May be involved in ministries in special occasion (e.i. ushers, special number, registration)

WOW TIME: (30 mins)

FOCUS: Serving One another

AIM: This is the fellowship time where every individual will be enjoying the food being served and Discipleship Levels will be worked with.

FOOD

Food is optional only at this stage. But if members want to have it after each session, food should come from an offering.

WEEK 1 BAGONG NILALANG KAY CRISTO

WELCOME TIME: (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa “**Start-up**” o di kaya ay magdownload ng application “Question Box” sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

Startup: Gamitin ang Question Box

WORSHIP TIME: (10 mins)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

WORD TIME: (40 mins)-Basahin ang **2CO.5:17-20**

LAYUNIN: Upang malaman ng mga mag-aaral na ang bawat isang na kay Cristo ay natural na magiging isang bagong nilalang.

SAGUTIN:

1. Ano ang kalagayan ng isang tao na, na kay Cristo?
2. Ano ang ibig sabihin at paano ang isang tao ay nagiging kay Cristo?
3. Ano ang proseso ng pagbabago ayon sa talata?
4. Dahil dito ano na ang ministeryo natin?

TALAKAYIN 1:

1. Ano ang mga pwedeng baguhin sa mundong ito? Ano naman ang hindi na talaga pwedeng baguhin?
2. Madali ba ang pagbabago o hindi? Bakit?
3. Nag-desire ka na bang magbago? Madali o mahirap?
4. Bakit kaya kailangan pang baguhin tayo ng Diyos?
5. Sa tingin mo ba binabago ka na ng Diyos?
6. Ano ang nakikita mong advantages nang ginawang pagbabago sa iyo ng Diyos?

TALAKAYIN 2:

1. Ano ang ang pagkaunawa ninyo sa salitang, “Convert”?
2. Ano ang pagkakapareho ng pakikipag-isa kay Cristo at pangkaraniwang alam nating conversion? (Dati patay tayo, ngayon binuhay na; dati kaaway ng Diyos, ngayon kaibigan na ng Diyos; dati anak ng diablo, ngayon anak na ng Diyos...)
3. Kanino pabor ang pakikipag-isa kay Cristo, sa Diyos o sa tao? Bakit?
4. Bakit kaya kailangan pa tayong baguhin ng Diyos?
5. Nakipag-isa ka na ba kay Cristo?

WORKS TIME: (15 mins)- Magdalanginan sa isa't isa. Magplano para sa pag-ebanghelyo. Pagpapalano para sa susunod na pagtitipon. Ipakilala ang "Seven steps of Salvation" sa mga bisita.

WOW TIME: (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

WEEK 2 ANG TAMANG ASAL SA PAGBIBIGAY

WELCOME TIME: (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa "**Start-up**" o di kaya ay magdownload ng application "Question Box" sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

Startup: Gamitin ang Question Box

WORSHIP TIME: (10 mins)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

WORD TIME: (40 mins)-Basahin ang **2CORINTHIANS 9:6-15**

LAYUNIN: Upang malaman ng mga mag-aaral na hindi lamang sapat ang basta makapagkaloob sa gawain ng Panginoon, kundi dapat ito ay pinaghahandaan at kailangang taos sa puso at may kagalakan.

SAGUTIN:

1. Anong "NATURAL LAW" ipinahayag ni Pablo para bigyang linaw ang aral na gusto niyang ituro?
2. Paano daw ang tamang paraan ng pagkakaloob? v.7
3. Ano ang kakayahan ng Diyos ang ipinahayag dito? v.8-11
4. Ano ang gagawin ng Diyos sa atin kapag ginawa natin ito? Bakit ito gagawin ng Diyos? v.11

TALAKAYIN:

1. Ano ang pagkaunawa mo „pag sinabing "NATURAL LAW"? Magbigay ng isang halimbawa ng "NATURAL LAW"
2. Ano ang idea mo sa "CHEERFUL GIVER O GIVING"? Kung may isang tao ang magtatanong sa iyo, ANO BA ANG

GAGAWIN KO PARA MAGING CHEERFUL GIVER AKO?” Ano ang ipapayo mo sa kanya?

3. Ano naman ang idea mo sa prinsipyo ng “SOWING AND REAPING”? Naniniwala ka ba na mahalaga ito sa usapin ng pagkakaloob? Bakit?
4. Mabuti ba ang mag-ani nang hindi nagtatanim? Bakit?
5. Kung ikaw ang tatanungin, masasabi mo bang ikaw isang “CHEERFUL GIVER”? Bakit?

WORKS TIME: (15 mins)- I-challenge sa mga kapatiran na mag-umpisa magkolekta ng offering sa cell group meeting. Bahagi ng malilikom ay para sa snacks sa pagtitipon, proyekto atambag para sa mother church.

Magdalanginan sa isa’t isa. Magplano para sa pag-ebanghelyo. Pagpaplano para sa susunod na pagtitipon. Ipakilala ang “Seven steps of Salvation” sa mga bisita.

Offering: *Isang paraan ng pagpupuri natin sa Dios ay sa pamamagitan ng ating pagbibigay ng handog. Ito ay voluntaryong pagbib-igay sapagkat ang tinitingnan ng Dios ay kundisyon ng ating puso at hindi sa halaga ng ating ibinigay. Tulad sa babaeng ito, kinilala ng Panginoon kung ano ang kanyang ibinigay at sinabi nya na pakabuti ng kanyang ginawa.*

WOW TIME: (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

WEEK 3 SHUNAMMITE’S BLESSING

WELCOME TIME: (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa “**Start-up**” o di kaya ay magdownload ng application “Question Box” sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

Startup: Anong materyal na bagay ang pinakamahalaga sa iyo? Bakit mo nasabi na ito ang pinakamahalaga para sa iyo?

WORSHIP TIME: (10 mins)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

WORD TIME: (40 mins)-Basahin ang **2 Kings 4:8-17; 1 Tim. 5:17-18**

LAYUNIN: Upang icalhange ang mga kapatiran na maging intentional giver, at makilala na ang Dios ang tunay na may-ari at tayo'y mga katiwala lamang. Layunin din ng pag-aaral na ito kung papaano ang "Honoring the Man of God".

SAGUTIN:

1. Ano ang nangyayari sa tagpong ito? Sino-sino ang mga taohan sa kwento? (v8)
2. Ano-ano ang ginawa ng Shunammite upang i-honor and "man of God"? (vv.8-10)
3. Bakit pinatawag ni Elisha ang Shunammite?
4. Nang gustong i-bless ni Elisha ang Shunammite, ano ang kanyang tugod sa offer? (v13)
5. Kahit ang Shunammite ay mayaman ngunit ano ang kulang sa kanya ayon kay Gehazi? (v14)
6. Anong declaration ang binanggit ng man of God na si Elisha sa Shunammite? Ito ba ay nangyari? (vv15-17)
7. Ano ang turo ni Pablo kay Timothy kung papaano i-honor ang *man of God*?

TALAKAYIN:

1. Kung ikaw ay nasa panahon ng *man of God* (Elisha), gagawin mo rin ba ang ginawa ng Shunammite? Bakit?
2. Bakit "anak" ang gusto gawing *blessings* ng *Man of God* sa Shunammite?
3. Anong blessings ang gusto mong matanggap mula sa Panginoon? Handa ka na bang i-honor ang man of God?
4. Kung tayo ay nagbabayad ng Professional fee sa Doctor, nagpapakain ng bongga sa Mayor, anong double honor ang iyong iniisip upang i-honor ang man of God?
5. Naging hadlang ba ang kahirapan upang paghandaan ang kaarawan ng iyong paboritong anak sa special na okasyon ng buhay niya? Hadlang ba ang kahirapan upang i-honor ang *man of God*?
6. Paano mo i-honor ang man of God kahit sa likod ng kahirapan?
7. Sa iyong palagay, bakit may mga taong nahahirapan na i-honor ang man of God? Anong naging hadlang para sa kanila?

Honoring the man of God: Isang luma ngunit epektibo na prinsipyo na turo ng Bibliya upang pagpapalain. Mga iba't-ibang paraan upang I-honor ang man of God:

- a. Magbigay ng honorarium ng hindi bababa sa 10% na ginastos sa anomang okasyon. Halimbawa, inanyayahan ang man of God na mangaral sa isang Birthday Party na gumastos ng Php 10,000, marapat lang na bigyan ng Php 1,000 ang man of God bilang "honorarium".
- b. Kung iimbitahan upang matulog sa tahanan, ibigay ang pinaka mainam na kwarto, na may nakahandang fruit basket sa mesa nito, at nakahandang tuwalya, sabon, toothpaste, toothbrush at iba pang kakailanganin sa loob ng kwarto.
- c. Handaan ang man of God sa panahon ng special na okasyon ng buhay niya (Birthday, Wedding Anniversary, Pastoral Anniversary)
- d. Magbigay ng mga unexpected gift kahit walang okasyon sa man of God.

WORKS TIME: (15 mins)- : Ipanalangin na laging handa ang ating mga puso sa pagpapasalamat sa Dios. Maaring ituro ang ibang miyembro na manguna sa panalangin. Kung sakali man na ito ay tanggihan, wag pilitin. Maaring i-schedule na lamang ang mangunguna sa panalangin, Magdalangin sa isa't isa. Magplano para sa pag-ebanghelyo. Pagpapalano para sa susunod na pagtitipon. Ipakilala ang "Seven steps of Salvation" sa mga bisita.

WOW TIME: (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels

WEEK 4 SINO SI JESU-CRISTO?

WELCOME TIME: (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa "**Start-up**" o di kaya ay magdownload ng application "Question Box" sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

Startup: Sino ang pinakapaborito mong teacher? Ano ang dahilan kung bakit siya ang pinakapaborito mo?

WORSHIP TIME: (10 mins)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

Song: Everybody Ought to Know

WORD TIME: (40 mins)-Basahin ang **Marcos 1:21-34**

LAYUNIN: Upang makilala ng lubusan ng mga mag-aaral kung sino talaga si Jesus sa kanilang buhay.

SAGUTIN:

1. Ano ang nagyari sa tagpong ito?
2. Ano ang pagkakilala ng tao kay Jesus? (v24)
3. Ano naman ang sinagot ni Jesus sa kanya? (v25)
4. Ano ang dalawang bagay na ikinamangha ng mga tao kay Jesus (22, 27)? Bakit?

TALAKAYIN:

1. Ano ang ibig sabihing nagtuturo siya ng may kapangyarihan? Sa tingin mo saan nanggaling ang kapangyarihan ni Jesus?
2. Kung ikaw ay nasa sitwasyon na lumabas ang tao na si-nasapian ng demonyo, ano ang mararamdaman mo?
3. Ano ang ginawa ni Jesus?
4. Bakit sa tingin mo nagpagaling si Jesus?
5. Si Jesus ang ating makapangyarihang Dios. Ang lahat ng bagay ay sumusunod sa kanya. Ang hangin, ulan, at maging ang mga demonyo ay maari niyang pasunurin. On a scale of 1 - 10, ano ang kapangyarihan ni Jesus sa iyong buhay?
6. Ano ang mga bagay na dapat gawin upang ito ay maging 10?
7. Paano nangusap ang mga talatang ito sa iyong buhay?

Mahalaga: Ikonek parin ang lesson sa salvation.

WORKS TIME: (15 mins)- :

Magdalangin sa isa't isa. Magplano para sa pag-ebanghelyo.

Pagpapalano para sa susunod na pagtitipon. Ipakilala ang "Seven steps of Salvation" sa mga bisita.

CROSS CONNECTION: Si Jesus ang nag-iisa at tunay na Dios, na nagkatawang tao (1Tim 3:16, John 1:1-14). At walang ibang pangalan dito sa mundo (pangalan ng simbahan, relihiyon, tao, kabutihan atbp.) na makapagliligtas sa atin kundi ang pangalan ng ating PANGINOONG JESUS. (Acts 4:12)

WOW TIME: (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

WEEK 5 SI JESUS AT ANG AMA AY IISA

WELCOME TIME: (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa **“Start-up”** o di kaya ay magdownload ng application “Question Box” sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

Startup: Gamitin ang Question Box

WORSHIP TIME: (10 mins)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

Song: Let Me tell you Who Jesus is

WORD TIME: (40 mins)-Basahin ang **JOHN 10:31-42**

LAYUNIN: Upang makita ng mga mag-aaral na si Jesus ay hindi lamang ordenaryong tao na gumaganap ng gawain ng Diyos.

SAGUTIN:

1. Ano ang ginawa ng mga Hudyo na nakikinig sa sinabi ng Panginoong Jesus na Sila ng Ama ay iisa?
2. Ano ang talagang dahilan bakit Siya babatuhin ng mga Hudyo sa tagpong iyon?
3. Ano ang isang bagay na dapat tingnan ng mga Hudyo para hindi sila magkamali sa pagkilala sa Panginoong Jesus?
4. Saan Siya nagpunta matapos ang diskusyong iyon?
5. Ano ang kanilang nasabi tungkol sa Kanya at ano ang kanilang ginawa dahil dito?

TALAKAYIN:

1. Nauunawaan mo ba ang kahulugan ng salitang, “Blasphemy”?
2. Bakit sa tingin mo mabigat ang kasalanang ito lalo na sa paningin at pandinig ng mga Hudyo?
3. Paano ipinakita ang bigat nito?
4. Kung ikaw ay nabuhay na noong panahon na sinasabi ito ng Panginong Jesus, at narinig mo ito babato ka rin ba? Bakit?

5. Meron pa bang iba na maaaring magsabi nito na hindi magkakasala sa Diyos? Bakit?

WORKS TIME: (15 mins)

Magdalanginan sa isa't isa. Magplano para sa pag-ebanghelyo. Pagpaplano para sa susunod na pagtitipon. Ipakilala ang "Seven steps of Salvation" sa mga bisita.

WOW TIME: (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

WEEK 6 KAPAHAYAGAN NG KAPANGYARIHAN NG DIYOS

WELCOME TIME: (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa "**Start-up**" o di kaya ay magdownload ng application "Question Box" sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

Startup: Gamitin ang Question Box

WORSHIP TIME: (10 mins)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

WORD TIME: (40 mins)-Basahin ang **ROMANS 1:16-32**

LAYUNIN: Upang malaman ng mga mag-aaral na ang Magandang Balita ng Diyos ay nagpapahayag ng Kanyang kapangyarihan kaya dapat natin itong tanggapin at ipagmalaki.

SAGUTIN:

1. Ano ang deklarasyon ni Pablo tungkol sa magandang balita?
2. Ano ang damdamin ng Diyos sa kalapastanganan at kasamaan ng mga tao?
3. Anu-ano ang makikita sa mga pamumuhay ng mga tao bilang patunay ng kanilang kasamaan?
4. Ano ang naging hatol ng Diyos sa kanila dahil dito?

TALAKAYIN:

1. Naisip mo na ba ang gagawin mo sakaling ikaw ay nasa isang sitwasyon na ikaw ay tahasang sinasalungat at sinisiraan pa ng

- iyong mga kasama sa trabaho o mga itinuturing na kaibigan? Ano ang pakiramdam? Magagalit ka rin ba? Bakit?
2. Anu-ano ang naiisip mong pwedeng gawin para pagbayarin sila sa kanilang kalapastanganan o kasalanan?
 3. Ano ang masasabi mo sa galit ng Diyos, may basehan ba ito o wala? Kung may basehan, ano? Kung wala, bakit?
 4. Nagkulang ba ang Diyos sa pagpapaalala sa mga tao? Ang mga Cristiano, sa tingin mo nagkulang ba? Bakit?

WORKS TIME: (15 mins)

Magdalangin sa isa't isa. Magplano para sa pag-ebanghelyo. Pagpapalano para sa susunod na pagtitipon. Ipakilala ang "Seven steps of Salvation" sa mga bisita.

WOW TIME: (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

WEEK 7 ANG KAKULANGAN NG MGA TAGAPAG-ANI

WELCOME TIME: (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa "**Start-up**" o di kaya ay magdownload ng application "Question Box" sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

Startup: Gamitin ang Question Box

WORSHIP TIME: (10 mins)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

WORD TIME: (40 mins)-Basahin ang **MATTHEW 9:35-38**

LAYUNIN: Upang makita ng mga mag-aaral ang kailangan nilang madama sa mga taong wala pang Cristo sa buhay at makita nila ang malaking kakulangan ng mga mag-aani sa bukirin ng Panginoon.

SAGUTIN:

1. Ano ang ginagawa ng Panginoong Jesus? Ano ang Kanyang nakita? Ano ang Kanyang nadama?
2. Sabi ng v.36 Nahabag siya sa kanila sapagkat sila'y nanlulupaypay at litung-lito, parang mga tupang walang pastol.

3. Ang kahulugan ng nahabag ay tinitingnan natin ang ibang tao nang walang bahid ng paghatol at pagmamalaki dahil sa kanyang masamang kalagayan kundi ang maunawaan siya o kaya ay makadama ng awa o pakikiramay sa kanyang mga kasawian, kasabay ng matinding pagnanais na makatulong na maiahon siya sa ganong kalagayan.
4. Ano ang sinabi Niya sa Kanyang nga alagad? Sino ang mga tinutukoy Niyang mga “harvest” at sino naman ang mga “workers”?
5. Ano ang solusyong ibinigay ng Panginoon Jesus sa kakontian ng mga tagapag-ani?

TALAKAYIN:

1. Ano ang pangkaraniwang nadarama natin sa mga taong parang walang mga pangarap sa buhay walang ginawa kundi magpasaway?
2. Paano mo ba masasabi na ang tao ay walang direksyon o talagang pasaway?
3. Nakadama ka na ba ng awa gaya ng nadama ng Panginoong Jesus para sa mga taong katulad nila? Ano ang ginawa mo?
4. Sinabi ng Panginoon na maraming aanihin pero konti lang ang mga mag-aani, nakikita mo ba na ito ay totoo? Ipaliwanag ang sagot.
5. Nakakatulong ka ba sa pagdami ng tagapag-ani? Bakit?

WORKS TIME: (15 mins)

Magdalangin sa isa’t isa. Magplano para sa pag-ebanghelyo. Pagpapalano para sa susunod na pagtitipon. Ipakilala ang “Seven steps of Salvation” sa mga bisita.

BASIC: Invite unchurched. Gawing HABIT ang pag-imbita ng mga unchurched sa cell group meeting man o sa linggohang panambahan.

WOW TIME: (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

WEEK 8 ANG MULING PAGBABALIK NG PANGINOON

WELCOME TIME: (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa “**Start-up**” o di kaya ay magdownload ng application “Question Box” sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

Startup: Gamitin ang Question Box

WORSHIP TIME: (10 mins)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

WORD TIME: (40 mins)-Basahin ang **1THESSALONIANS 5:1-11**

LAYUNIN: Upang lalo pang maging malinaw sa mga mananampalataya ang mga nakapaloob na katotohanan sa muling pagbabalik ng Panginon.

SAGUTIN:

1. Ano ang sinabi ni Pablo sa usapin kung kailan muling darating ang Panginoong Jesus? Ano ang ibinigay niyang dahilan?
2. Saan niya ito ikinumpara?
3. Anong klaseng mga tao ang mga mananampalataya? Ano sila at saan sila nabibilang?
4. Ano ang sinabi ni Pablo kung bakit hindi na tayo pagugulat o mapapahamak pa?

TALAKAYIN:

1. Ang pagbabalik ng Panginoon ay isang gawain na parang nakakalimutan na maski ng mga mismong mananampalataya. Ano sa tingin mo ang isa sa mga dahilan nito?
2. Ano ang pagkaunawa mo sa katotohanang sinabi na, “...ang pagdating ng araw ng Panginoon ay tulad ng pagdating ng magnanakaw sa gabi.”
3. Ano ang kalagayan o ang iniisip ng mga tao sa panahon bago dumating ang Panginoon? Bakit?
4. Sinabihan tayo na lagi dapat tayong gising, hindi lasing at laging nakahanda, paano mo ito planong gawin sa ating panahon.
5. Ano ang masasabi mo sa katotohanan ito? “Hindi tayo pinili ng Diyos upang parusahan, kundi upang iligtas sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo.” V.9

WORKS TIME: (15 mins)

Magdalanginan sa isa't isa. Magplano para sa pag-ebanghelyo. Pagpapalano para sa susunod na pagtitipon. Ipakilala ang "Seven steps of Salvation" sa mga bisita.

CROSS CONNECTION: i-encourage ang grupo na sumali sa ***"ENKWENTRO DOS: Spiritual Victory Encounter"***

WOW TIME: (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

YOUNG MEN STAGE



| NAME | WEEKS | | | | | | | | REMARKS/ REACH OUT EVENTS |
|------|-------|---|---|---|---|---|---|---|---------------------------|
| | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | |
| 1 | | | | | | | | | |
| 2 | | | | | | | | | |
| 3 | | | | | | | | | |
| 4 | | | | | | | | | |
| 5 | | | | | | | | | |
| 6 | | | | | | | | | |
| 7 | | | | | | | | | |
| 8 | | | | | | | | | |
| 9 | | | | | | | | | |
| 10 | | | | | | | | | |
| 11 | | | | | | | | | |
| 12 | | | | | | | | | |
| 13 | | | | | | | | | |
| 14 | | | | | | | | | |
| 15 | | | | | | | | | |

YOUNG MEN STAGE CHARACTERISTICS

NUMBER OF GATHERINGS (WEEKS)

25th to 32nd Meeting

6 to 8 weeks

A cell at this stage begun to develop an outward focus. Members want to share what they have with others. You can say that your cell is ready at this stage if 50% of members are actively participating in Church activities. You can demand help from them without any hesitations (e.i. be usherettes in church anniversary celebration, prepare a special number for family Sunday, etc). **IMPORTANT:** At this stage, the cell has a tendency to be stagnant.

OBJECTIVES

To add new members in the group and start the ministry outside the cell.

LEADER

At this stage, intern should be ready for the birth of new cell. Therefore, the leadership should be passed on intern and members.

GOAL

Sure of Salvation. Holiness

5 W's OF AN OIKOS CELL MEETING

WELCOME TIME: (5-15 min)

FOCUS: One another

AIM: Building relationships within the group

Can be done through a cup of coffee and asking them what had happened in their last week

WORSHIP TIME: (8-10 min)

FOCUS: Us to God

AIM: To focus our attention as individuals and as a group on the presence of the Lord Jesus .

At this stage, members should be encouraged the real essence of worship. You may use two songs (one fast, one slow). Preferably, songs sung in the church.

WORD TIME: (30-40 mins)

FOCUS: God to us

AIM: Allow God to minister to us as we study his word

Week 1 Ang Mga Responsibilidad ng Cristiano

Week 2 Worry-Free Life

Week 3 Sabbath

Week 4 Praise and Worship

Week 5 Katanggap-Tanggap na Pagsamba

Week 6 Bagong Buhay

Week 7 Ang Pangako ng Diyos

Week 8 Parable of the Lost Sheep

The focus of the Word is Sunday Service sermons. The discussion depends upon the need of the group.

WORKS TIME: (15 mins)

FOCUS: God to others—through us

AIM: Allow God to reach and minister to others outside this group through us.

- *prayer partner, prayer notes and other prayer meetings.*
- *this is the best time to do prayer partner, prayer notes and other prayer meetings.*
- *vision for multiplication.*

OFFERING

Offering gives members a strong commitment and loyalty.

INVOLVEMENT IN CHURCH ACTIVITIES/SERVICE

Inter Cell Fellowship every month

Special occasion (mother's day, anniversary, etc)

May be involved in ministries in special occasion (e.i. ushers, special number, registration)

Worship Service every Sunday

WOW TIME: (30 mins)

FOCUS: Serving One another

AIM: This is the fellowship time where every individual will be enjoying the food being served and Discipleship Levels will be worked with.

FOOD

Food is optional only at this stage. But on Friendship Party, each member should bring food for their invited friends.

WEEK 1 ANG MGA RESPONSABILIDAD NG CRISTIANO

WELCOME TIME: (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa “**Start-up**” o di kaya ay magdownload ng application “Question Box” sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

Startup: Gamitin ang Question Box

WORSHIP TIME: (10 mins)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

WORD TIME: (40 mins)-Basahin ang **1THESSALONIANS 5:12-22**

LAYUNIN: Upang malaman ng mga Cristiano na ang kaligtasang tinanggap natin ay upang gampanan ang mga responsibilidad na iniwan sa atin ng Panginoon sa ikaaayos ng samahan nating mga magkakapatid na Cristiano habang hinihintay at niluluwalhati natin ang Diyos.

SAGUTIN:

1. Ano ang responsibilidad ng Cristiano ang binanggit ni Pablo na dapat nilang gampanan para sa mga tagapanguna?
2. Anu-ano ang dapat nating gawin sa bawat kapatiran? Ano naman para sa mga pasaway? Ano naman para sa mga pinanghihinaan ng loob? Ano naman para sa mga mahihina? Kanino natin dapat ibigay ang ang pagtitiyaga?
3. Ano ang dapat nating gawin sa mga gumagawa sa atin ng masama sa atin? Ano ang dapat palagi nating ginagawa?
4. Sa pagpapatuloy anu-ano pa ang mga nabanggit na dapat gawin ng mga Cristiano?
5. Ano ang kahulugan ng utos na ito, “Huwag na ninyong hadlangan ang Espiritu Santo.”?

TALAKAYIN:

1. Makikita natin sa pag-uutos ni Pablo na ang kanyang mga inuutusan ay ang mga taong nagtataglay na ng Banal na Espiritu?
2. Sa palagay mo mahirap ba para sa mga taong nagtataglay ng Banal na Espiritu ang mga ganitong utos? Bakit?

3. Sa ilang binanggit na utos, ano para sa iyo ang nakikita mong pinakamahirap gawin? Ano naman ang pinakamadaling gawin? Bakit?
4. Nagtataglay ka na ba ng Banal na Espiritu? Bakit?
5. Sa palagay mo paano natin mahahadlangan ang Banal na Espiritu?

WORKS TIME: (15 mins)

Magdalangin sa isa't isa. Magplano para sa pag-ebanghelyo. Pagpaplano para sa susunod na pagtitipon. Ipakilala ang "Seven steps of Salvation" sa mga bisita.

CROSS CONNECTION: I-encourage na sumali sa CLT 1 ang grupo para maging handa sa Evangelism at pagbubukas ng Bagong Cell Group.

WOW TIME: (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

WEEK 2 WORRY-FREE LIFE

WELCOME TIME: (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa "**Start-up**" o di kaya ay magdownload ng application "Question Box" sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

Startup: Ano-ano ang mga bagay na inaalala mo sa araw-araw? Ano ang tingin mo sa bukas, positibo ba o negatibo? Bakit?

WORSHIP TIME: (10 mins)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

Song: Napakabuti ng Ating Diyos

WORD TIME: (40 mins)-Basahin ang **Matthew 6:25-34**

LAYUNIN: Upang maunawaan ng mag-aaral na ang alay na buhay ng Dios ay Malaya mula sa pag-aalala. Nais iparating ng lesson na ito na ang susi ng worry-free life ay alamin kung ano ang tunay na priority.

SAGUTIN:

1. Ano-ano ang mga bagay na huwag dapat natin alalahanin?

2. Ano ang itinururo ni Jesus na ating tularan sa hindi nag-aalala sa...
 - a. Pagkain (v26)
 - b. Damit (v28)
3. Sino ang katulad ng mga taong nag-aalala sa pagkain at damit? (v32)

TALAKAYIN:

1. Huwag tayong magalala sa ating kakainin. Ang sabi ay mas mahal-aga tayo kaysa sa ibon. Gaano ba sa tingin mo tayo kahalaga sa Dios?
2. Huwag diin natin alalahanin ang katawan at ang ating isusuot. Ano-ano ang mga pagkakataon na nagaalala tayo para sa ating katawan?
3. Bakit ang mga tao ay nagaalala sa kanilang kasuotan at kanilang mukha? Bakit mali na magalala tayo sa mga ito?
4. Huwag magalala para sa araw ng bukas. Ano ba ang inaalala ng mga tao para sa bukas?
5. Hindi nakakadagdag ang araw sa ating buhay kung tayo ay nagaalala. Ito pa nga ay nakakabawas ng taon sa ating buhay. Pano nababawasan an gating buhay sa pagaalala?
6. Sinabi ng Panginoon ang sikreto upang magkaroon tayo ng buhay na walang pagaalala. Basahin ang Mat. 6:33-34. Kinakailangan na ayusin natin an gating prioridad. Paanong ang pagaayos ng priori-dad ay makatutulong sa buhay na walang pagaalala?
7. Ano ang mga practical na paraan upang hanapin natin ang Kanyang kaharian at kanyang kaluwalhatian?

WORKS TIME: (15 mins)

Magdalangin sa isa't-isa. Magplano para sa pag-ebanghelyo. Pagpaplano para sa susunod na pagtitipon. Ipakilala ang "Seven steps of Salvation" sa mga bisita.

WOW TIME: (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

WEEK 3 SABBATH

WELCOME TIME: (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa “**Start-up**” o di kaya ay magdownload ng application “Question Box” sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

Startup: Anong pagpupulong o party ang napuntahan mo na hinding-hindi mo makakalimutan? Bakit?

WORSHIP TIME: (10 mins)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

WORD TIME: (40 mins)-Basahin ang **Acts 2:42-47**

LAYUNIN: Upang malaman ng mga mag-aaral na ang cell group ay ang orihinal na pagtitipon ng mga apostoles sa Bagong Tipan.

SAGUTIN at TALAKAYIN

1. Ano-ano ang mga katangian ng mga mananampalataya ang napansin mo sa mga talatang ito?
2. Ano sa mga katangiang ito ang nakikita mong nakakaenganyo? Bakit?
3. Sa kanilang pagsasama-sama, paano sila nakabuild ng isang pamilya o komunidad?
4. Ano-ano ang mga katangiang ito ang nararanasan mo sa ating cell group?
5. Ano ang nagiging resulta nito sa kanilang buhay (43-47)? Sa iba?
6. Ano ang iyong ideya o opinyon sa verse 44-45?
7. Ano ang mga paraan upang ito ay maranasan din natin sa ating cell group?
